


# EPP-IA

## Modyul 9: Mga Gawi na dapat at di – dapat isulong tungo sa pag-unlad ng bayan



**EPP-IA Ikaapat na Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Modyul 9: MGA GAWI NA DAPAT AT DI – DAPAT ISULONG TUNGO SA PAG – UNLAD  
NG BAYAN**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Babilene R. Bascuña

**Editor:** Jelly M. Flores

**Tagasuri:** Filip P. Cañas

**Tagaguhit:** John Leonard P. Cuizon

**Tagalapat:** Angelita V. Olayres

**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr.

Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Christie L. Alvarez,

Lita T. Mijares, Salvador T. Pelingon

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Site, Rawis, Legazpi City, 4500

Telefax: (052) 482-0046 / (052) 482-0373

E-mail Address: [deped.rov@deped.gov.ph](mailto:deped.rov@deped.gov.ph)

## **EPP-IA**

### **Modyul 9:**

**Mga Gawing dapat at di – dapat  
isulong tungo sa pag – unlad ng  
bayan**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagpadaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutunan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Sa modyul na ito ay matutuhan ng mag- aral ang mga gawi na dapat o di dapat isa-ugali upang makatulong sa patuloy na pag-unlad. Ang patuloy na pag-unlad ay makatutulong sa ekonomiya ng ating bansa.


Sa Modyul na ito ay matutunan ng mag-aaral ang mga sumusunod:

- Naiisa-isa ang mga gawi na dapat at di-dapat isa-ugali upang makatulong sa patuloy na pag-unlad.
- Matutuhan ang mga gawi na dapat o di dapat isa-ugali upang makatulong sa patuloy na pag-unlad.
- Naitataguyod ang mga gawi na dapat o di-dapat isa-ugali upang makatulong sa patuloy na pag-unlad.



## Subukin

Gamit ang isang “brainstorming web” ibigay ang mga gawi na dapat gawin at hindi dapat gawin upang makatulong sa patuloy na pag-unlad.



**Aralin  
9**

**Industrial Arts: MGA GAWI NA DAPAT  
AT DI-DAPAT ISULONG TUNGO SA  
PAG-UNLAD NG BAYAN**



***Balikan***

Magbigay ng limang (5) mahahalagang panuntunan na pangkaligtasan at pangkalusugan sa paggawa na dapat sundin.

1	
2	
3	
4	
5	



## **Tuklasin**

Sa araling ito inyong matututunan ang mga gawi na dapat o di-dapat isulong o isa-ugali upang makatulong sa patuloy na pag-unlad.

Sa panahon natin ngayon maraming mga makabagong teknolohiya at mga kagamitan na galing sa ibang bansa na tinatangkilik ng ilang kababayan dahil sa ito ay maganda at kakaiba sa paningin natin.

Ngunit dapat tangkilikin ang ating sariling produkto dahil ito ay pinag hirapan ng ating mga kababayan upang makatulong sa pag-unlad ng ating bansa.

Narito ang mga gawi na dapat isa-ugali upang makatulong sa patuloy na pag – unlad:

1. Tangkilikin ang sariling produkto o produktong Pilipino. Higit na makakatulong sa ekonomiya ng bansa ang pagtangkilik ng mga produktong Pilipino. Lalong mapapalago ang negosyong ito at makatutulong din para sa nangangailangan ng trabaho.
2. Tumupad sa mga kautusan at batas. Ang pagtupad sa mga kautusan at batas ay tanda ng pagkakaroon ng dsiplina. Nakatutulong din ito upang maging maayos ang mga transaksiyon at serbisyo para sa mamamayan.
3. Magbayad ng tamang buwis. Ang pagbabayad ng tamang buwis ay tanda ng pagtupad sa mga alituntuninng dapat gampanan ng isang mabuting mamamayan.
4. Ang iyong mga magulang at kapatid na may hanapbuhay ay kailangang magbayad ng buwis upang makatulong sa pagsulong ng ekonomiya ng bansa. Lalo't higit na matutugunan nito ang mga pangangailangan sa mga pampublikong serbisyo ng gobyerno, halimbawa sa mga



gamot para sa pampublikong ospital, pagpapatayo ng mga tulay, pag – aayos ng mga kalsada at pang pasweldo ng mga empleyado sa gobyerno.

5. Gamitin nang maayos ang mga likas na yaman. Ang ating likas na yaman ay dapat pahalagahan dahil dito tayo kumukuha ng lahat ng ating kailangan tulad ng pagkain, kasuotan, at iba pang bagay na mahalaga para mabuhay. Huwag abusuhin ang likas na yaman. Ito ay gamitin nang tama para sa mga susunod na henerasyon.
6. Tumulong sa mga nangangailangan. Ang pagtulong sa kapwa ay isang gawi na likas sa mga Pilipino. Tumutulong tayo sa mga taong higit na nangangailangan tulad ng mga nasunugan, nasalanta ng bagyo at kalamidad. Ang gawaing ito ay nakatutulong upang kahit sa munting paraan ay mapagaan ang kanilang mga nararamdaman.

*Ilan sa mga tamang gawi sa ating kalikasan:*




*Ilan sa mga hindi tamang gawi sa ating kalikasan:*



### ***Suriin***

Unawain at ibigay ang inyong opinion.

Ang iyong kapitbahay na dating mahirap ang buhay ay paunti-unting umuunlad dahil sa kanyang sipag at tiyaga, dapat mo ba siyang kainggitan? Oo o hindi? Bakit?



## ***Pagyamanin***

Gumawa ng islogan tungkol sa mabuting gawi na makakatulong sa pag-unlad ng bansa.




## ***Isaisip***

Bakit kailangan sundin ng isang mamamayan ang mga dapat na gawi?

Ano ang maaaring mangyari kung ang mamamayan ay hindi ginagawa ang mga gawi na dapat para makatulong sa pag – unlad?

Ito ang mga tanong na dapat nating isa-isip ang mga kasagutan. Ang ating likas na yaman ay biyaya ng ating Panginoon na dapat nating pangalagaan at paunlarin ng tamang gawi. Gawing kapakipakinabang na hindi nakakasira ng kalikasan. Mag bayad tayo ng tama sa ating buwis upang makatulong sa mga

proyekto ng ating pamahalaan. Sumunod tayo sa anumang batas ng pamahalaan tungo sa ikauunlad ng ating bansa. Tamang pag sunod ng mga tamang gawi ay simpleng kontribusyon mo bilang isang mamamayan sa ating bansa tungo sa ating kaunlaran. Ito ay dapat na isaalang alang natin upang ang mga susunod na henerasyon ay makamantan ang pag-unlad.





## **Isagawa**

Unawain at sagutan kung saan maipapakita ang wastong gawi na makatutulong sa pag-unlad.

“Nasunugan ang pamilya ng kaklase mo, natupok ang lahat ng gamit nila. May mga damit ka na hindi mo na ginagamit. Ano ang nararapat mo na gawin?”



## **Tayahin**

Lagyan ng W kung nagpapakita ng wastong gawi para makatulong sa pag - unlad at HW kung hindi wastong gawi.

- \_\_\_ 1. Purihin ang nakagawa ng mabuti sa kapwa.
- \_\_\_ 2. Kainggitan ang mga taong umaangat.
- \_\_\_ 3. Awayin ang marurunong.
- \_\_\_ 4. Tumulong sa lahat ng pagkakataon sa mga nangangailangan.
- \_\_\_ 5. Pakialamanan ang buhay ng kapitbahay.



## ***Karagdagang Gawain***

Gumawa ng maikling repleksyon tungkol sa mga gawi na dapat o di – dapat sundin upang makatulong sa pag- unlad nang ating bayan.

*Magaling...Natapos mo na ang modyul na ito at pagbutihin ulit sa susunod 😊 ...*



## ***Susi sa Pagwawasto***

<b>Pagtataya</b>
1. W
2. HW
3. HW
4. W
5. HW

## ***Sanggunian***

Sheila Mae R. Roson, Roberto B. Torres, Randy R. Emen, 2015. *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan Kagamitan ng Mag – aaral*, Pasig City Philippines 1600: Vibal Group Incorporated.



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)